# *Ang Heograpiyang mapagpalaya ng Lumad Bakwit School: Mula pagka-tayo Tungo sa Pagtayô ng mga Mag-aaral sa Piling Mapa-Kuwento*[1]

Jose Monfred C. Sy
University of the Philippines Diliman

Upang alpasan ang karahasang dulot ng militarisasyon, isinasagawa ng ilang komunidad na Lumad—ang kolektibong identidad ng higit-kumulang labing-walong pangkat katutubo sa Mindanao—ang tinatawag na "bakwit" ("*evacuate*"). Pinapakahulugan nito ang kanilang panandaliang paglisan mula sa yutang kabilin ("lupang ninuno" sa wikang Filipino) upang makabawi ng lakas para sa pagbalik at patuloy na pagbabalikwas. Sa tulong ng Save Our Schools Network (SOS), inilunsad ng mga nagbabakwit noong 2017 ang "Bakwit School," isang pansamantalang paaralan na nagbigay-espasyo sa kabataang Lumad at di-Lumad na makapagpatuloy ng pag-aaral kahit nasa malayong lupain.

Iminumungkahi ng sanaysay na ito na binabago ng Bakwit School ang politikal na kapookan ng bakwit. Mauulinigan sa proyektong ito ang ipinapalagay ni Ramon Guillermo na paglawig ng "pagka-tayo" o kolektibong pagkakakilanlan tungo sa "pagtayô" o kolektibong pakikibaka.

---

[1] Halaw ang apat na mapa-kuwento na tinatalakay sanaysay na ito sa *Mga Mapa-kuwento ng Bakwit School:Paglalakbay, Pag-aaral, at Pakikibaka ng Kabataang Lumad* ng awtor na ililimbag ng Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Iniigpawan ng pagtayô ng mga mag-aaral ang pagkakaiba sa uri, lahi, at distansya. Upang mapalitaw ito, ginagamit ng pag-aaral ang tinatawag kong "mapa-kuwento" kung saan pinagsasalinang-bisa ang kartograpiya at pagsasalaysay. Bilang isang metodo ng kontra-pagmamapa, binabalangkas nito ang mapang likha ng isinasantabing sabjek bilang tuntungan ng pagkukuwento tungkol sa at sa konteksto ng pook ng pakikibaka. Ibig patingkarin ng mga mapa-kuwento mula sa Bakwit School ang dunong ng kabataang Lumad (at iilang di-Lumad) na nagtataglay ng naipong kolektibong karanasan sa paglalakbay at pag-aaral.

Kinikilatis ko ang ilang piling mapa-kuwento na nagpapakita kung paanong napalalawig sa Bakwit School ang pagkakabigkis ng kabataang katutubo mula sa pagiging bahagi ng pagkakakilanlang Lumad tungo sa malawakang kilusan para sa edukasyon, lupa, at buhay. Sa ganitong paraan, mauunawaan ang pansamantalang paaralan bilang lunduyan ng tinatawag ni Hamid Dabashi na "liberation geography" o "mapagpalayang heograpiya." Sisidlan ito ng mga alternatibong sabjek na nakalilikha ng makabagong pagpapakahulugang kartograpiko sa "sarili" at "iba." Hindi lamang binibigyang-diin ng pag-aaral na ito ang pakikibaka ng kabataang Lumad bilang isang malikhaing pagbawi ng espasyo. Ibig din nitong isadokumento ang mga karanasang maaaring makapagpalalim ng ating kaunwaan sa ugnayan ng Pilipino at mga espasyo ng bayan.

Keywords: *Bakwit School, kontra-pagmamapa (countermapping), Lumad, pakikibaka (resistance), pagkukuwento (Storytelling)*

Si Jose Monfred C. Sy ay nagtuturo ng araling Pilipino sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman. Siya ay tumanggap ng Master sa Arte (Araling Pilipino) at Batsilyer sa Arte (Comparative Literature), summa cum laude, mula sa parehong pamantasan. Kasalukuyan siyang Project Leader ng Program on Alternative Development ng UP Center for Integrative and Development Studies. Siya rin ay nagsusulat at nagsasalin ng mga aklat pambata, nagtuturo sa Bakwit School para sa mga Lumad kasama ng Save Our Schools Network (SOS), at kasapi ng Congress of Teachers and Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND).
*Email: jcsy3@up.edu.ph*

## Panimula

Noong 2017, muling inilunsad ng humigit-kumulang 2,500 kalahok mula sa hanay ng mga Lumad, Moro, at iba pang sektor ng Mindanao ang taunang Lakbayan ng Pambansang Minorya sa Kamaynilaan. Bitbit ng mga Lakbayani[2] ang panawagang "Labanan and Pasistang Rehimeng Duterte" na tumatawag ng pansin sa sumisidhing militarisasyon sa kanayunan sa ilalim ng dating pangulong Rodrigo Roa Duterte. Hight 100 kabataang Lumad din ang sumama sa protesta upang ipanawagan ang pagpapaalis ng mga sundalong militar at paramilitar na nagkampo sa kanilang mga paaralan. Sa tulong ng Save Our Schools Network (SOS), isang alyansa ng mga tagapagsulong ng karapatan sa edukasyon ng kabataang katutubo, itinatag ng mga Lakbayani ang makasaysayang Lumad Bakwit School, isang natatanging pansamantalang paaralan kung saan maaaring magpatuloy ng pag-aaral ang kabataan habang nasa bingit ng pagbabakwit (*evacuation*) mula sa Mindanao (SOS, 2019).

Isinapraktika ng Bakwit School sa Kamaynilaan ang parehong kurikulum na ginagamit sa mga paaralan sa Mindanao na nagsisilbi sa mga Lumad at iba pang komunidad na walang akses sa edukasyon (EDI, 2018; Yambao et al., 2022). Nasa kaibuturan ng kanilang kurikulum ang lupa, na kanilang pinag-aaralan at pinangangalagaan sa mga asignatura tulad ng Agrikultura. Para sa mga etnolinggwistikong pangkat na bumubuo sa Lumad, ang lupa ay buhay. Sa katunayan, swikang Sebwano, ang salitang "Lumad" ay nangangahulugan ng "katutubo" ("*native*") o "isinilang sa lupa" ("*born of the earth*") (Alamon, 2017;

[2] "Lakbayani" ang tawag sa sarili ng mga nakikilahok sa mga protestang Lakbayan. Hindi maikakaila na dinurugtong nito ang mga salitang "lakbay" at "bayani." Anang isang mag-aaral na kinapanayam para sa pag-aaral na ito, pinapakahulugan ng pagpapangalan na ito ang kabayanihan ng mga katribu nilang gumigiit ng karapatan sa lupa at edukasyon.

Gaspar, 2000; NMP, 2020; Yambao et al., 2022). Nagsimula ang salita bilang *exonym* ng mga tagalabas sa labing-walong pangkat katutubo sa Mindanao, Pilipinas, tulad ng Ata, Bagobo, Banuaon, Blaan, Bukidnon or Talaandig, Dibabawon, Mamanwa, Mandaya, Mangguangan, Manobo, Mansaka, Matigsalog, Subanën, Tagakaolo, Tïboli, Tëduray, Higaunon, at Obo (Paredes, 2013; Rodil, 2017). Katabi ng Lumad ang mga pamayanang Moro at Kristiyano sa balangkas na *tri-people* na bumubuo sa populasyon ng Mindanao (Paredes, 2013). Ngunit, kinalaunan, inangkop ang pangalang "Lumad"ng mga naturang pangkat bilang pan-etnikong identidad na kumakatawan sa kanilang pagkakaisa, sariling pagpapasya sa "yutang kabilin" ("lupang ninuno"), at iba pang karapatan (Alamon, 2017; Espiritu, 2017; Sy, 2022; Yambao et al., 2022). Nakahabi ang kanilang buhay sa yutang kabilin gawa ng gunita, tradisyon, at produksyong nakaangkla sa lupa na nagbubunga ng makakain at mapapanggamot (Imbong, 2020; Paredes, 2013).

Sa kabila ng mga polisiya tulad ng Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) na tumatangan sa kanilang mga karapatan, biktima ang maraming Lumad at di-Lumad na komunidad ng militarisasyon, sapilitang pagpapaalis, panliligalig, at pagpatay sa kamay ng mga sundalong militar at paramilitar na naglalayong hawanin ang lupa para sa mga ekstraktibong negosyo (Alamon, 2017; Espiritu, 2017; Sy, 2022). Pinaparusahan ng mga grupong ito ang sinumang tumutol sa mga ekstraktibong operasyon sa yutang kabilin at mga pinagsususpetsahan nilang tagasuporta ng New People's Army (NPA) (Yambao et al., 2022). Sa ilalim ng dumaang administrasyon ni Duterte, umabot sa 1,030 ang bilang ng kaso ng pagtapak sa karapatang pantao na nakaapekto sa 93,977 mag-aaral, guro, at miyembro ng mga Lumadnong komunidad. Minilitarisa, giniba, o sapilitang ipinasara naman ang lahat ng 216 paaralang Lumad sa Mindanao dahil sa mga alegasyon na nagtuturo daw ang mga ito ng pagrerebelde. 122 sa mga paaralang ito

ang pumaloob sa Alternative Learning System ng Kagawaran ng Edukasyon, habang 94 naman ang mga pribadong paaralan na nagkamit ng pahintulot mula sa Kagawaran na naghandog ng pormal na edukasyon. Higit 5,000 kabataang Lumad at iba pang mag-aaral ang tinanggal ng karapatan sa edukasyon ng mga atakeng ito (Belisario 2019; Nolasco at La Viña, 2021; SOS, 2021). Kadalasang nagbabakwit, boluntaryo man o pilit, ang kanilang mga komunidad upang maprotektahan ang sarili sa banta ng karahasan at mag-ipon ng lakas para sa muling pagbabalikwas (Canuday, 2009; Sy, 2022). Binibigyang-santwaryo ng Bakwit School ang mga hindi makapagpatuloy ng pag-aaral sa kanilang mga komunidad.

Nais unawain ng sanaysay na ito ang kapookan (*spatiality*) ng bakwit sa pamamagitan ng Bakwit School. Ginagamit ng pag-aaral ang tinatawag kong "mapa-kuwento" kung saan pinagsasalinang-bisa ang kartograpiya at pagsasalaysay. Bilang isang metodo ng kontra-pagmamapa, binabalangkas nito ang mapang likha ng isinasantabing sabjek bilang tuntungan ng pagkukuwento tungkol sa at sa konteksto ng pook ng pakikibaka. Sa tulong ng mga mapa-kuwento ng apat na mag-aaral ng Bakwit School—dalawang Lumad at dalawang hindi ngunit estudyante ng paaralang Lumad—iminumungkahi ko na pinapalawig ng pansamantalang paaralan ang "pagka-tayo" o kolektibong pagkakakilanlan ng mga mag-aaral tungo sa "pagtayô" o kolektibong pakikibaka. Batay sa mga mapa-kuwentong kinalap, masasabing nagaganap ang paglawig na ito sa tatlong anyo ng paghuhugpungan ng mga sabjek sa espasyo: una, ang hugpungan ng mga Lumad; ikalawa, ng kabataan; at ikatlo, ng iba't ibang sektor ng lipunan tungo sa malawakang pakikibaka. Sa ganitong paraan, mauunawaan ang Bakwit School bilang lunduyan ng tinatawag na "mapagpalayang heograpiya" ("*liberation geography"*) kung saan lumilikha ang mga sabjek ng mga espasyo ng pakikibaka upang bawiin ang kanilang espasyo sa lipunan. Kabilang na rito ang

mga paaralan, pamantasan, simbahan, at iba pang dinaanan ng Bakwit School na naging lunsaran ng mga kilos-protesta para sa yutang kabilin.

## Kapookan ng pagka-tayo at pagtayô

Sinusuri ng mga pag-aaral na ito ang kapookang nilalalang ng pagmamapa't pagkukuwento ng mga mag-aaral ng Bakwit School hinggil sa kanilang pagbabakwit patungong Kamaynilaan at pagpapatuloy ng pag-aaral sa malayong lupain. Kadalasang ibinubukod ang espasyo at lunan sa lugar at pook sa mayamang talastasan ng heograpiyang pantao. Binibigyang-kahulugan ang espasyo/lugar bilang pisikal na kapaligiran kung saan nagtatagpo ang tao, iba pang bahagi ng ekosistema, at mga inorganikong bagay (Soja, 1989). Sa kabilang banda, tila nagtataglay ng mas aktibong konotasyon ang pook sa pagiging produkto ng ekonomiya, politika, at kultura ng lipunang nakapaloob o pumapaloob dito (Prazniak & Dirlik, 2001). Ganting-tugon ng mga Marxistang heograpo tulad ni Lefebvre, (1991, p. 46-7) binubuo at iniluluwal ang pook/espasyo/lunan/lugar ng mga ispesipiko, materyal, at kinakatawang praktika sa kasalukuyang moda ng produksyon. Tulad ng enerhiya at oras, mananatiling abstrakto ang espasyo kung ihihiwalay ito sa ibang bagay at ugnayan sa daigdig na maaaring tumayong prekondisyon o maging produkto ng pagtatalaban ng mga pook (p. 12).

Kung tutuusin, ang espasyo ay hindi matatawaran sa kayariang pisikal. Bagkus, maimamapa (at maikukuwento) rin ang iba't ibang dimensiyon, oryentasyon, at katangian nito mula sa kaisipan at karanasan ng mga sabjek na bumubuo rito. Kunsagayon, sa halip na unawain ang pook bilang lalagyan o teritoryo, kinakailangan itong intindihin bilang pagtatagpo ng historikal, politikal, sosyal, kultural, at ekonomikong puwersa upang matunghayan ang nagbabago-bagong pagpapakahulugan at interrelasyon ng mga espasyo (Ortega, 2016). Sa ganitong

pagbabalangkas, maituturing ang Bakwit School bilang espasyong iniluwal ng danas at praktika ng mga bumubuo rito: ang mga mag-aaral na nagsusulong ng kanilang karapatan sa edukasyon.

Pinupukaw ng pagkaangkla ng Bakwit School sa mga pamayanang Lumad na primaryang pinagsisilbihan nito ang mga tanong hinggil sa pagkakakilanlan at pagkakabigkis ng mga sabjek nito sa espasyo. Ipinapalagay ng Pilipinistang si Ramon Guillermo (2009) na nananalaytay sa espasyo, o "pook" sa ganang kaniya, ang dalawang tabas ng paghuhugpungan ng mga sabjek: "nakaugat ang isang anyo ng konsepto ng "tayo" o "pagka-tayo" sa iisang "pook." Ang "paninindigan" naman ay tumutukoy sa makauring "tayô" na gumagawa ng pagpapakahulugan sa loob ng isang "pook" (p. 128). Sa kaniyang dalumat ng pook, mauunawaan ang "pagka-tayo" ng pook sa dalumat ng "etnos," ang "pinakamaliit na yunit na may kabuluhan ay yaong mga pangkat na may sariling wika at kakanyahang pangkultura" (p. 37). Humahalili ito sa pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay ng mga asal, katangian, halagahan, kapantasan, karunungan, hangarin, at danas na naipapahayag sa sariling wika. Mahalagang pagnilayan ang etnos kaugnay ng pook sapagkat kinakategorya sa polisiya, akademya, at iba pang institusyon ang Lumad bilang pangkat etniko, o isang "grupong katangi-tangi o bukod" dahil sa nagsasariling wika at kultura (Rodriguez-Tatel, 2017). Bahagi ng tunggalian ng/para sa pook ang kanilang pakikibaka para sa yutang kabilin na nakasalikop/sumasalikop sa kanilang etnos. Para sa Pilipinistang si Nelmida-Flores (2020), mayroong katangiang heograpikal ang naturang batayan: "ang pagkakabigkis [ng etnos] ay sinasabing nakaangkla sa primordial na damdamin ng bawat miyembro sanhi ng pangangailangang biyolohikal tulad ng pagkain at seguridad. Isinasaad nito na ang punò't dulo ng etnisidad ay ang pakikipagsapalaran ng tao sa kanyang kapaligiran" (p. 13). Kumbaga, hindi lamang gunita ang nagpapanatili ng kahalagahan ng lupa para sa etnos na namumuhay

doon sapagkat sisidlan ng pagkain, inumin, malinis na hangin, at espasyo para sa kabuhayan at pang-araw-araw na aktibidad ang kanilang pook.

Ipinapahiwatig ng espasyo ng lupang ninuno ang naturang pagkaangkla ng etnos sa pook. Ani Gaspar (2000), nakaangkla ang búhay-kalibutan ng mga Lumad sa pook ng lupang ninuno, ang kanilang lugar ng pamumuhay at pagkilos. Sinasalikop ng lupang ninuno ang samut-saring dimensiyon ng búhay, ang "physical, political, social, psychological, historical, linguistic, economic, cultural, and spiritual," ani Smith (1999, p. 125). Ang lupang kinatatayuan at pinapaunlad ng ilang pangkat katutubo ay nagmula pa sa kanilang mga ninuno na dinepensahan upang maipasa sa mga sumusunod na henerasyon.

Kung nakaangkla ang pagka-tayo sa etnos, mailalapat naman ang "pag-tayông" ipinapalagay ni Guillermo sa "etos," o ang kolektibong kamalayan na nagtutulak sa mga praktika tulad ng pakikibaka. Sa pagmamapa ni Hamid Dabashi (2012) sa tinatawag niyang "mapagpalayang heograpiya," ) hinahamon ng iba't ibang anyo't kondisyon ng pagkilos—sa parehong diwa ng *mobility,* o ang kapasidad na kumilos, at *movement,* o ang paglulunsad ng mga kilusang politikal—ang etnos na sa pinakamatagal na panahon ay nagbibigay-katangian sa bansa. "On this map," aniya, "there is no East or West, South or North, invested with ideological racialization, one against the other" (p. 71). Inilalarawan niya ang etos sa konteksto ng mapagpalayang heograpiya bilang morál, imahinatibo, at praktikal na pagkakabigkis ng mga sabjek na tumutuligsa sa pananamantala, pagpapatahimik, at pagsasantabi.

Upang maunawaan ang kapookan ng Bakwit School, inilalapat ko ang mga kategorya ni Guillermo sa modelong heograpikal ni Dabashi. Dito, ang pagka-tayo (etnos)—isang nagsasariling loob na kadalasa'y binibigkis ng lahi, wika, at/o kalinangan—ay maaaring mamukadkad bilang pagtayô (etos)—na binibigkis

naman ng magkakasalikop na interes at politikal na paninindgian. Bukod sa pagiging politikal at ideolohikal, heograpikal din ang katangian ng talaban ng pagka-tayo at pagtayô dahil matutungyahan itong umiiral sa pakikibaka ng mga kilusang panlipunan na gumagawa ng (o inilulugar nang sapilitan sa) pook na nasa labas (o ipinalalabas) ng namamayaning kapangyarihan.

## Pagmamapa-kuwento

Sa metodong "mapa-kuwento," pinagsasalinang-bisa ang kartograpiya at pagsasalaysay bilang lunsaran ng tinig ng mga isinasantabi sa lipunan. Sapagkat umiikot sa paglalakbay mula sa yutang kabilin tungo sa Kamaynilaan ang sinasaklaw ng pagbabakwit ng mga mag-aaral ng Bakwit School, kinikilala ko ang bisa ng pagmamapa sa pagsisiwalat hindi lamang ng distansiya kundi pati na rin ang sariling pananaw at karanasan ng mga estudyante sa espasyo. Ngunit dahil masalimuot ang interaksyon ng sabjek at pook, ipinagtatambal ko ito sa pagkukuwento upang mailahad ang mga sipat sa espasyo na lumalampas sa *two-dimensional* na mapa.

Tinatawag ko ang genre na ito bilang "mapa-kuwento" batay sa pagbabanghay ng salitang "mapakuwento," kung saan ang "mapa-" ay nagsasaad ng kakayahang magawa ang ipinapahiwatig na kilos ng salitang-ugat. Sa proseso ng paglikha nito, lilikha muna ang mapa-kuwentista ng sariling mapa ng espasyong nilakbay o kinalulugaran niya. Inuunawa ang mapa bilang "ekspresyon ng mga indibidwal sa kanilang pag-unawa sa mga kaganapan sa paligid" (Turgo, 2014, p. 12) Pagkatapos, ikukuwento niya ang inilawaran sa mapa, na tumatayong tulak at gabay sa kaniyang pagsasalaysay. Kumbaga, tumatayo rin ang kuwento bilang mapang nakasalalay sa alegorikal na representasyon ng pook sa kamalayan ng tao (Palis, 2022). Nabigasyon ang salaysay sa paglalarawan ng sabjek. Tinatanaw dito

ang pagpapalalim ng mapa sa pamamagitan ng kuwento at pag-aangkla ng mga bahagi ng kuwento sa mga espasyong kinakatigan nila sa tulong ng mapa.

Malay na nilalaan ang metodong ito sa batayang masa na kadalasang nakaliligtaan sa namamayaning epistemolohiya ng kartograpiya na gumigiit sa katotohanan nito. Sa halip, ninanais ng mapa-kuwento na mapalitaw ang tinig ng api sa pamamagitan ng pinagtambal na gawain. Alinsunod ito sa demokratiko at lahukang tradisyon ng "kontra-pagmamapa" na kumukuwestiyon at tumutuligsa sa namamayaning ugnayang pangkapangyarihang namamahala sa espasyo (Harris at Hazen 2005, p. 115). Hindi ito nalalayo sa iba pang pagtatangka na patiningin ang tinig ng isinasantabi sa mga mapa, tulad ng pagkalap nina De Guzman, Lopez, at Ortega (2022) ng mga *mental map* sa mga tagapagtaguyod ng karapatang pantao at aktibista sa Negros, Pilipinas, upang matumpok ang kanilang dalumat ng espasyo ng kapahamakan. Ipinapalitaw sa mga *mental map* ang kaniya-kaniyang pagtingin ng tao sa lugar kapag binigyan na ang espasyo ng hugis at larawan sa papel (Nelmida-Flores, 2020). Sabihin pa, sumusunod ang mapa-kuwento sa yapak ng iba pang metodong lahukan (*participatory*) sa kalitatibong pananaliksik. Pinapaubaya ng lahukang format ang paglikha ng biswal—litrato, bidyo, pagtatanghal, mapa, at iba pa—at berbal—mga kuwento—na datos sa mga kinakapanayam sa pananaliksik (Alburo-Cañete, 2021; Tolia-Kelly, 2007). Hindi matatawaran ang impluwensiya sa mapa-kuwento ng lahukang metodolohiya na *photovoice*, na ipinalaganap nina Wang at Burris (1997) sa pamamagitan ng kanilang mga pananaliksik hinggil sa kalusugang panlipunan. Sa metodong ito, hinahayaan ang kinakapanayam na kumuha ng bidyo ng alinmang maiuugnay sa isang tema. Magiging batayan ito ng kaniyang pagsasalaysay. Sa disenyo naman ng "lahukang sining" (*"participatory art"*) ni Tolia-Kelly (2007), nililikha ng mga kababaihang kinakapanayam ang ilang larawang kumakatawan sa kanilang karanasan at sinusuri nila ito habang nasa talakayan kasama ang mananaliksik at

iba pang kalahok sa saliksik. Kawangis ito ng proyekto ni Awitan (2009), kung saan pinagpinta't pinagdrowing niya ang ilang batang pintor sa Baliwag, Bulacan. Pinagpaliwanag din ng bawat kalahok ang kanilang obra upang mapalitaw ang kanilang mga saloobin at aktuwal na kalagayan sa pamayanan. Magkaparis naman ang metodong isinulong ni Alburo-Cañete (2021) na "photokwento" sa iminumungkahi kong mapa-kuwento hindi lang batay sa pangalan kundi pati sa oryentasyong lahukan. Sa photokwento, tumatamo ng mga litrato ang mananaliksik mula sa mga kinakapanayam. Ginagamit na instrumento ng interbyu ang album na mabubuo ng bawat kinakapanayam. Sa kaso naman ng mapa-kuwento, sinisikap pa lalong palawigin ng pagsasalaysay ang lawak at lalim ng pagbabakwit na hindi mailalarawan sa parisukat na mapa. Tampok sa mga metodong inilista ang pagsasalinang-bisa ng mga biswal at berbal na datos kung saan ginagabayan ng biswal ang berbal, at pinalalalim ng berbal ang biswal.

Sabihin pa, tinutuntungan ng mapa-kuwento ang artikulasyon ni Palis (2022) ng *"place-writing"* ("pook-pagsulat")*:* "subjective stories that define, portray, delineate, emphasize, expand, rewrite, and imagine a place" (p. 700). Sa pamamagitan ng tila-pagsulat ng mga sabjek sa pisikal na heograpiyang kanilang dinadanas sa pamamagitan ng praktika, maaaring mabigyan ng sulyap ang iba sa pang-araw-araw na karanasan ng mga nagmapa't nagkuwento (De Guzman, Lopez, & Ortega, 2022). Sa ibang salita, mayroong katangian ang mapa-kuwento at iba pang anyo ng pook-pagsulat na bernakular: nakaangkla sa kongkretong karanasan, kinakatawan at naglalaman ng sariling pagpapakahulugan ng sabjek (Gerlach, 2010). Dahil nagmumula ang mga susuriing teksto sa iisang kolektibong espasyo, ang Bakwit School, hindi rin maitatanggi ang foklorikong kayarian ng mapa-kuwento bilang lunan ng "accumulated meanings learned through common experiences, community-specific struggles and innovations" (Hernandez, 2021, p. vii). Kungsagayon, sinusuri ang mga mapa-kuwento sa konteksto ng danas ng mga

sabjek na lumilikha nito. Sa ibang salita, makabubuo batay sa mapa-kuwento ng kaalaman hindi lamang hinggil sa espasyong inilalarawan at ikinukuwento nito, kundi pati na rin sa mga sabjek na lumilikha ng parehong mapa-kuwento at espasyo.

Hindi naging mahirap ang pag-aanyaya sa mga mag-aaral na makilahok sa pag-aaral na ito sapagkat ako mismo ay guro ng paaralan at kasapi ng SOS mula 2018 hanggang sa kasalukuyan. Isinangguni ko muna ang aking pananaliksik sa pamunuan ng SOS upang matiyak na ito ay etikal at may maiaambag sa organisasyon at Bakwit School. Isinagawa ang lahukang paglikha ng mga mapa-kuwento sa dalawang araw na palihan noong Marso, 2022, kung kailan naghahanda na ang lahat para sa Seremonya ng Pagtatapos ng Grade 11 at 12. Sila ang huling hanay ng mga mag-aaral na kinalinga ng Bakwit School bago ito magwakas ng operasyon noong parehong taon. 25 na mag-aaral mula sa parehong baitang na may edad 18 pataas ang nakilahok sa palihan ng mga mapa-kuwento. Kumalap din ako ng malayang pahintulot na lumahok mula sa kanila bago ang pagsasagawa ng palihan. Sa palihan ng pagmamapa-kuwento, pinadrowing ang mga kalahok ng mapa ng Bakwit School. Ito lamang ang tulak nila sa pagmamapa. Isinagawa ang pakikipagkuwentuhan nang matapos ang mga kalahok sa pagdrowing. Kaysa maghanda ng maraming tanong na may estruktura para sa bawat mapa-kuwentista, inatas ko lamang sila na ikuwento ang nilalaman ng mapa nila. Hinayaan ang mga mag-aaral na pumili ng oras at lugar sa Bakwit School kung saan isasagawa ang kuwentuhan. May ilan na nagsama ng kanilang *best friend* sa kuwentuhan, habang ang iba naman ay nagkuwento kasama ng kanilang mga *roommate.* Habang nakikipagkuwentuhan, tumutungo-tungo ako at nagbabanggit ng mga di-saradong tanong tulad ng "bakit" at "paano" upang maganyak ang mapa-kuwentista na patuloy na magsalaysay. Hiniling ko rin ang ilan na palawigin pa ang kanilang paliwanag tungkol sa ilang elemento't pananda

na kapansin-pansin o katangi-tangi sa kanilang mga mapa. Dahil sa kawalan ng tiyak na estruktura ng pakikipagkuwentuhan, iba-iba ang haba ng bawat sesyon. Bukod sa pahapyaw kong pagtatanong, ang naging primaryang gabay ng mga mag-aaral sa pagkukuwento ay ang kanilang mapa. Nirekord ang kanilang mga salaysay at tinala. Gayunman, binuod na lamang ang mga kuwento at sumipi ng mga natatanging ekspresyon para sa pagsusuri dahil sa limitasyon sa haba ng papel na ito.

Upang makatulong ang pananaliksik sa kampanya ng SOS para sa Seremonya, ineksibit sa *social media* ang mga mapa-kuwento bilang halimbawa ng mga likhang sining ng mga mag-aaral. Para naman sa sanaysay na ito, ilalahad at susuriin ang apat na likha mula sa palihang isinagawa. Dalawa ang nagtatakda ng sarili bilang Lumad, sina Chrissy mula sa pangkat Obo Manobo at Bogs ng pangkat Agusanon Manobo. Dalawa naman ang hindi Lumad ngunit mag-aaral ng paaralang Lumad sa Mindanao, sina Jade na Bisaya't Moro at Rey na Ilonggo. Itinatago ang kanilang buong pangalan para sa seguridad. Hindi maitatanggi na ang mga guro, organisador, at aktibistang lumalagi't nakikilahok sa mga aktibidad ng mga mag-aaral ay bahagi rin sa mga sabjek na bumubuo sa Bakwit School. Gayunman, para sa papel na ito, pinili kong magfokus sa karanasan ng mga mag-aaral yaman lang din na sila ang primaryang pinagsilbihan at ininugan ng pansamantalang paaralan.

## Mga mapa-kuwento mula sa Bakwit School

Binibigyang-santwaryo ng Bakwit School ang mga hindi makapagpatuloy ng pag-aaral sa kanilang mga komunidad. Natagpuan ito noong Hulyo 26, 2017, sa International Center ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman (UPD). Higit 100 kabataang Lumad na sumama sa Lakbayan ang naging estudyante nito. Umani ito ng napakalaking suporta mula sa ibang mga paaralan at pamantasan, organisasyon,

at institusyon sa Maynila na naghandog ng suportang pampinansyal, donasyong pagkain at gamit sa paaralan, at serbisyong ligal, sikolohikal, at iba pa (SOS, 2019; Umil, 2017). Lumipat-lipat ito sa samut-saring pamantasan, simbahan, at opisina ng mga ahensya ng gobyerno at organisasyong di-gobyerno sa Kamaynilaan kung saan sila naging ligtas. Habang nasa bakwit, nag-impok na rin sila ng lakas para sa mga pagkilos o nagbahagi ng sariling karanasan sa mga naninirahan, nag-aaral, o naghahanapbuhay sa erya. Bagaman malayo sa yutang kabilin, patuloy nilang pinag-aralan ang Agrikultura at iba pang asignatura na iniuugnay nila at ng kanilang mga guro sa pagdepensa sa lupang ninuno at pagkilala sa kasaysayan ng pakikibaka ng mga Lumad (SOS, 2021; Sy, 2022; Yambao et al., 2022). Dahil sa tagumpay ng una nitong akademikong taon, nakapagtatag din ng mga Bakwit School sa Lungsod ng Davao, Lungsod ng Tagum, at Lungsod ng Tandag, kung saan nagbakwit ang ilang Lumad at di-Lumad na komunidad na nakatira sa yutang kabilin dahil sa militarisasyon, noong mga sumunod na taon (SOS, 2019).

Mauulinigan ang maikling kasaysayan ng Bakwit School sa mga mapa-kuwento ng mga mag-aaral nito. Sa kaniyang likha, kaagad na isinalaysay ni Chrissy (Pigura 1) ang kanilang pagbabakwit mula sa yutang kabilin: “Nagsimula kaming nagbakwit no’ng matagal na siguro. Pero hindi pa dito sa Maynila [...] Napasara ‘yong paaralan namin sa Bukidnon [...] Tapos, nagbakwit kami sa UCCP Haran halos isang taon, do’n din kami nag-ano, nag-graduation.” Nang tanungin ko kung bakit binobomba at minimilatarisa ang kanilang komunidad, paliwanag ni Chrissy na maaaring buhat ito ng engkwentro ng mga sundalo at NPA. Minsan naman ay “pananakot na lang ‘yong ginagawa.” Aniya, lubha ring naapektohan ang paaralang itinayo nila sa lupang ninuno, kaya naman sa ibayong lupain siya nagpatuloy ng pag-aaral.




PIG. 1. *Ang mapa-kwentong nilikha ni Chrissy, na isang estudyanteng Lumad mula sa pangkat Obo Manobo*

Sumakay daw sila ng eroplano patungong Kamaynilaan "para itayo 'yong isang organisasyon na Save Our Schools Network. Or Bakwit School. Na parang assertion ng paggiit, oo, ng aming karapatan." Sa kanilang paglalakbay, nakita niya ang mga bagay na akala niya'y sa mga aklat lang nakikita, tulad ng mga batang lumalaboy sa lansangan. Aniya, kahit may kahirapang kinakaharap sa Bakwit School, "Dito sa UP marami kaming natagumpayan dahil dito rin ako nag-graduate no'ng Grade 10 ako, sa UPIS (UP Integrated School)."

Mapapansin sa paglalarawan niya ng Bakwit School sa mapa ang ilang salita tulad ng "guro," "notebook," "libro," "lapis," "tahanan," "pamilya," at maging "rally." Iniuugnay ni Chrissy ang mga katagang ito sa karanasan niya sa UPD kung saan itinatag ang Bakwit School:

> Sa UP Diliman...binigyan nila kami ng tahanan para may matuluyan kami. Tapos libro para lapis, notebook para maipagpatuloy namin 'yong pag-aaral namin. Tapos, pamilya dahil di namin naramdaman na malayo kami sa kanila, sa mga pamilya namin...dito sa UP, parang wala lang, malaya ka kung ano 'yong gagawin mo. Tapos rali, parang wala lang, walang maninigaw sa'yo.

Binigyang-diin niya ang kalayaang makapag-aral at makapaglunsad ng kilos-protesta sa santuwaryo ng UPD. Tumatayo ang mga katagang isinulat niya sa mapa bilang pananda (*legend*) ng mga praktika nila sa Bakwit School. Sa ganang akin, muwestra ang kaniyang paglalagay ng mga ito sa mapa sa pagkalikha (*constructiveness*) ng espasyo ng paaralan. Ibinahagi niya rin ang ilang gawain nila sa Bakwit School tulad ng pagtatanim at pagsasagawa ng "*tasking*" o mga gawaing bahay tulad ng paglalaba ng sariling damit at pahuhugas ng pinggang pinagkainan.

Tulad ng kay Chrissy, naging pananda ang UPD para sa Bakwit School sa mapa-kuwento ni Bogs (Pigura 2). Ipinagtagni-tani niya sa kaniyang mapa ang samut-saring pananda tulad ng tsinelas, magkahawak na kamay ilog, farm, at ang kampus. Para kay Bogs,

> 'yong ginawa kong mapa ay isa sa mga sinasabi kong paglalakbay ko, o paglalakbay nating lahat. Unang-una, ang nakikita natin sa ikot ng búhay ay hindi talaga natin malalaman kung ano 'yong mangyayari. Dito sa ginawa ko, ang parang naging karakter dito ay tsinelas. Di ko ginawang paa. Paa sana 'to, kasi doon kami sa Mindanao nanggaling, at dahil sa paglalakbay ay natuto kaming gumamit ng bagay na kung saan ginagamit din sa paglalakbay.




PIG. 2. *Ang mapa-kwentong nilikha ni Bogs, na isang estudyanteng Lumad mula sa pangkat Agusanon Manobo*

Tahasang ipinatampok ni Bogs ang paglalakbay sa kaniyang pagsasalaysay, at kinatuwiran niyang

> kaya kami narito sa paglalakbay patungo sa Maynila dahil may pinoprotektahan kami. Ito 'yong karapatan, 'yong karapatan naming maglakbay, maipakita at mapasigaw 'yong mga panawagan namin dahil sa karahasan na hindi na siya ang mangyari doon sa Mindanao.

Aniya, ninanais nilang ipaalam sa mas malawak na publiko ang tunay na sitwasyon ng mga Lumad sa Mindanao: "dumating ang panahon na winasak, dinahas, kinamkam, at kinuha ang kanilang karapatan." Para sa kaniya, ang "mga mandarambong" ng Bulubunduking Pantaron ang nagtulak sa kanilang pagbabakwit, hindi upang sumuko, ngunit para "maipakuwento, o maisalaysay ito, sa buong mundo, para makita kung bakit kailangan maglakbay." Kuwento ni Bogs, patuloy nilang ipaglalaban ang lupaing ninuno sapagkat "nabuhay kami dahil doon kami naghanapbuhay, dinedepensahan namin ito sa mga gustong magwasak." Hindi maitatanggi na ang kaniyang kaunawaan sa espasyo ng lupang ninuno ay nakahabi sa praktika niya ng protesta, na nagagawa niya sa espasyo ng Bakwit School.

Ang huling dalawang mapa-kuwento ay nilikha ng mga mag-aaral na hindi man bahagi ng alinmang Lumadnong komunidad ay nag-aral sa paaralang Lumad sa Mindanao dahil sa layo ng ibang paaralan sa kanilang komunidad at pagkamahal-mahal ng gastusin para sa uniporme, mga proyekto, at iba pang kahingian sa pampublikong paaralan sa kabila ng libreng matrikula. Pareho silang sumama sa pagbabakwit at nag-aral sa Bakwit School sapagkat minilitarisa ang kanilang mga paaralan.

Nagsimula si Jade, na itinatakda ang kaniyang sarili bilang kalahating Bisaya at kalahating Moro, sa gawing kaliwa ng kaniyang mapa (Pigura 3), kung saan nagbabasa sila ng kaniyang mama ng aklat. Tinala niya ang ilang masasayang

karanasan niya sa komunidad, tulad daw "'yong birthday ko, nag-picnic kami dito, 'yong nanay ko, 'yong tatay ko dito, tapos malápit sa school." Gayunman, sa paaralang ito, "marami akong naranasan dito, 'yong pagbubully….Oo. Binubully kami. Binubully ako dito kasi mahirap lang kami." Isa ito sa mga dahilan kung bakit mas nagustuhan niya ang pag-aaral sa paaralang Lumad. Aniya, sa dito niya "nalaman na lahat ng karapatan ng tao, lahat ng karapatan ko nalaman ko. Kung paano magdepensa sa lupang ninuno."




PIG. 3. *Ang mapa-kwentong nilikha ni Jade, na isang estudyanteng Bisaya't Moro na nag-aral sa paaralang Lumad at Bakwit School.*

Tulad ni Bogs, ginamit ni Jade ang tsinelas bilang pananda ng kanilang paglalakbay patungong Kamaynilaan. Nagpatuloy siya ng pag-aaral sa Bakwit School hindi lang para sa sarili niya: "pumunta sa Maynila para ipaglaban 'yong

aming paaralan, kasi hindi lang ako 'yong hindi makakapagtuloy sa pag-aaral, pati 'yong mga kapatid ko." Tulad ng pagmamapa niya ng yutang kabilin, mayaman sa detalye ang bahaging inilaan niya sa Bakwit School. Tinuro niya ang iba't ibang gusali kung saan sila namalagi, at ang mga pook kung saan nagrarali. Panghulí, ipinaliwanag niya kung bakit mayroong bahaghari sa kaniyang mapa:


> Kasi no'ng bata pa ako, no'ng grade 8 ako, nakita ko ang rainbow, 'yong malápit kung saan binaril mama ko ng mga sundalo. malápit na siyang binaril sa mga sundalo. Pero hindi pumutok 'yong baril, tapos may nakita akong rainbow...Sabi ko sa sarili ko, sana gabayan niyo 'yong pamilya ko, na sana malayo sila sa kapahamakan.

Lumilitaw ang kaniyang pagpapakahulugan sa Bakwit School bilang espasyo ng pag-asa hindi lamang para sa kaniya kundi para sa kaniyang pamilya na nararanasan pa rin ang militarisasyon sa Mindanao.

Di tulad nina Chrissy, Bogs, at Jade, iginuhit ni Rey, na itinatakda ang kaniyang sarili bilang Ilonggo, ang buong Pilipinas sa kaniyang mapa-kuwento (Pigura 4). Simula pa lamang, binigyang-diin na niya ang mahigpit na ugnayan ng pagpapasara ng kanilang paaralan at pangangamkam ng kanilang lupa:

> Kung bakit ako naglakbay papunta sa Luzon. Ito po, kita niyo po itong Pantaron Range? Gusto kasi nilang kamkamin 'yong Pantaron, kaya kami pumunta sa Manila. Tsaka, 'yong paaralan namin dito sa Bukidnon po, pinasara. Kasi paaralan raw ng mga ano, NPA ba? Paaralan raw ng NPA. Tinuturuan daw kami ng paghawak ng mga baril. Dito, may mga plantasyon rin, makikita niyo rito. Di lang po saging, marami pa po. Saging, pinya, palm oil.

Hindi maitatanggi ang pananahilan ni Rey sa pagkakasira ng kaniyang paaralan: sinira ito upang maghawan ng landas para sa mga plantasyon (na may pananda na traktora sa mapa), at tinatabingan ito ng mga paratang na silang mga mag-aaral ay nagrerebelde.




PIG. 4. *Ang mapa-kwentong nilikha ni Rey, na isang estudyanteng Ilonggo na nag-aral sa paaralang Lumad at Bakwit School.*

Mula sa yutang kabilin, dumako siya sa Bakwit School sa UPD na kinulayan niya ring luntian sapagkat mapuno ito tulad ng kanilang lupain sa Mindanao. Sa bahaging ito ng mapa, isiniwalat naman ni Rey ang kahirapang mag-aral sa iba't ibang santuwaryo at ang dahilan ng kaniyang pag-igpaw rito: "sa Bakwit School, mahirap dito. Kasi di ka makapag-ayos ng pag-aaral dito kasi palaging palipat-lipat. Pero nag-aaral pa rin ako, kasi 'yong sa mga pangarap...gusto kong ipagpatuloy." Tulad ni Jade, tinatatanaw niya ang Bakwit School bilang pook ng pag-asa para sa kaniyang kinabukasan. Kahit na naglilipat-lipat ito ng santuwaryo, nagbibigay-espasyo pa rin ito para sa kanilang mga pangarap.

## Mula pagka-tayo tungo sa pagtayô

Hindi matatawaran ang impluwensiya ng natatanging oryentasyong pang-edukasyon ng mga paaralang Lumad sa pagmamapa-kuwento ng mga mag-aaral. Mailalarawan ito bilang "nationalist, pro-people, and scientific pedagogy supplemented by conscious social practice" (SOS, 2019). Nakabalangkas sa pagkamakabayan ang kanilang kurikulum kung saan pinapahalagahan ang soberanya at sariling pagpapasya sa lupa. "Pro-people" o makamasa ito sapagkat nilalayon nito na sanayin ang mga mag-aaral na magsilbi sa kanilang mga komunidad. Siyentipiko rin ang kanilang kurikulum dahil layunin nitong lanangin ang kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral hinggil sa iba't ibang mga isyung panlipunan, hinaharap man nila o hindi (Calsado, 2020; Sy, 2022). Tulad ng unang nabanggit, inimplementa sa Bakwit School sa Kamaynilaan ang parehong kurikulum na isinasapraktika sa mga paaralang Lumad sa Mindanao. Maipapalagay na binibigyan ng Bakwit School ang mga mag-aaral ng espasyo para sa pakikibaka para sa lupa at edukasyon sapagkat umiinog mismo ang kurikulum nito sa pangangalaga at pagdepensa ng yutang kabilin. Binubuo ang espasyong ito

ng iba't ibang anyo ng pagkakabigkis ng mga sabjek na bumubuo sa paaralan. Tinutuntungan ko ang mga mapa-kuwento upang maipakita kung paanong sa Bakwit School ay nagbabago ang pagkakabigkis ng kabataang katutubo mula sa pagiging bahagi ng katawhang Lumad tungo sa malawak na pakikibaka para sa edukasyon, lupa, at búhay. Mula sa apat na halimbawa sa sanaysay na ito, mahihiwatigan ang tatlong anyo ng paghuhugpungan ng mga sabjek sa espasyo ng pansamantalang paaralan: una, batay sa pagkakakilanlang Lumad; ikalawa, sa pagitan ng kabataang Lumad at di-Lumad; at ikatlo, sa konteksto ng malawakan at multisektoral na pakikibaka para sa yutang kabilin.

Naghuhugpungan ang iba't ibang Lumadnong tribu sa Bakwit School, isang pook na sumasalamin sa magkakawangis na suliraning hinaharap nila at bunga ng kanilang malikhaing pamamaraan ng pagtugon dito. Nagmula man sila sa iba't ibang paaralang Lumad na naitatag sa Mindanao, pinagkakaisa sila ng mga materyal na kondisyon ng espasyo. Paliwanag ni Chrissy, naidadala nila ang yutang kabilin sa Kamaynilaan hindi lámang sa pamamagitan ng pag-aaral, pagtatanim, at pagmomobilisa, kundi "pati rin sa lenggwahe namin, sa pananalita, siyempre, may sarili kaming kasuotan, kaya naaalala namin 'yong yutang kabilin namin sa mga araw-araw na ginagawa namin. Sa mga pananalita, sa kasuotan...at syempre dahil sa komunidad namin, kolektibo siya, kolektibong kumikilos." Nagbibigay-alwan ang Bakwit School sa obserbasyon ng mga mag-aaral sa kalinangan ng kanilang tribu na kadalasa'y naisasapraktika nila sa pamamagitan ng pagsusuot ng tradisyunal na damit at paggawa ng mga likhang sining.

Ngunit hindi lamang tradisyon ang praktikang naghuhugpong sa kabataang Lumad sa Bakwit School. Para kay Bogs, ang pakikibaka para sa kanilang lupang ninuno ang nagtutulak sa kanila na magpatuloy:

> 'Yong Pantaron Range, ayaw naming makuha ito ng isang kapitalista dahil nakasalalay ang aming búhay dito. Dahil 'yong lupa ay búhay, búhay namin, búhay nating lahat 'yong nakasalalay dito...Kaya ngayon, sa sobrang hirap ay nagpatuloy pa rin 'yong mga Lumad at tayong lahat na lumaban para sa ating karapatan.

Tinatali ng kaniyang pagwiwika ang kolektibong pagkakakilanlang Lumad sa kanilang sama-samang pagtatanggol nito.

Bukod sa pagbubuklod ng iba't ibang tribung Lumad, hinuhugpong din nito ang mga kabataan labas sa kanilang etnikong pagkakakilanlan. Bukas ang pinto ng mga paaralang Lumad sa Mindanao sa lahat ng nangangailangan ng akses sa edukasyon tulad ng mga anak ng mga magsasakang namumuhay sa mga karatig-bayan ng Lumadnong komunidad. Kaya naman kahit sa Bakwit School para sa mga Lumad, may iilang mag-aaral na kahit hindi kabilang sa katawhang Lumad ay nakikiisa sa pakigbisog (*pakikibaka* sa wikang Sebwano) para sa yutang kabilin. Kabilang dito sina Jade at Rey na naging kalahok sa pananaliksik na ito. Binahagi ni Jade na natutunan niya ang kahalagahan ng yuta mula sa kaibigang Lumad:

> sabi niya sa akin, kung walang lupang ninuno namin di kami mabubuhay. Sabi niya, patay na daw sila kung ang lupang ninuno daw nila ay makuha. Doon na sila kukuha ng pangangailanan pang araw-araw, pagkain, gano'n. Doon sila kukuha. At tsaka sa health din, doon din sila kukuha ng mga halaman, halamang gamot. Kaya nagdesisyon ako na sumama dito, at ipaglaban ang lupang ninuno.

Maging sila ng kanilang pamilya ay nagsasaka sa lupaing nagsusustena sa mga Lumad. Bagaman hindi Lumad si Jade, nakikilahok siya sa lupaing iniinugan ng produksyong agrikultural ng mga Lumad. Bagaman malayo na sa lupang ito,

kasama pa rin si Jade ng ibang Lumad na mag-aaral sa pagsasaka sa mga lupang hinihiram ng Bakwit School para sa asignaturang Agrikultura.

Tulad ni Jade, ibig ni Rey na sumuporta sa mga Lumad. Aniya, “Ilonggo ako pero pinaglalaban ko ‘yong lupang ninuno ng Lumad kasi dito po ako nag-aaral kasama ng Lumad. Dahil nag-aaral ka sa Lumad school, gusto mo rin protektahan ‘yong lupang ninuno nila.” Binigyang-daan ng paaralang Lumad ang kaniyang pagkatuto tungkol sa kahalagahan ng yutang kabilin sa mga katutubong naninirahan dito. Kuwento niya, nagsimula lamang siyang manirahan sa yutang kabilin noong nilisan ng isang Manobong komunidad ang kanilang lupa dahil sa militarisasyon. Noong umalis na ang mga sandalo, bumalik ang mga nagbawkit sa erya at sabay na nanirahan doon ang mga pamilyang Manobo at Ilonggo. Hindi man niya ipinaliwanag kung may tunggalian sa pagitan ng dalawang pangkat, inilarawan niya na natutunan niyang pahalagahan ang yutang kabilin sa tulong ng mga kapitbahay niyang Lumad:

> sabi nila, ‘yong nagsasaka daw, taga-Mindanao, do’n daw lahat nanggaling sa Pantaron. Kaya ‘yon, parang lupang ninuno na rin namin yo’ng. Lahat ng sapa, galing sa Pantaron Range. Nakatira ako malápit sa tubig. Lahat ng tubig—do’n nangagaling sa Pantaron ‘yong tubig namin. Kahit di ka Lumad, ipaglalaban mo siya.

Naikintal ni Rey sa aking isipan ang kaniyang kuro-kuro tungkol sa ugnayan hindi lámang ng Lumad at mga magsasaka kundi ng katauhan sa lupa. Habang hindi ko pa natitiyak kung saan nagmula ang kaniyang paniniwalang nagmula ang mga taga-Mindanao sa bulubundukin sa pusod ng isla, mababanaag sa kaniyang salaysay ang pagkasalikop ng tao sa ekosistemang nawawasak dahil sa pagtatayo ng mga ekstraktibong operasyon sa yutang kabilin. Bumabalik sa materyal na batayan si Rey sa pangangatuwiran tungkol sa kaniyang pagsama sa kabataang Lumad: “sa


araw-araw, dito ako kumukuha ng pagkain." Sa kabuuan, isinisiwalat ng apat na mag-aaral kung bakit sila nagpapatuloy ng pag-aaral sa Bakwit School sa kabila ng hindi pagiging Lumad. Kinakatuwiran nila ang pagkatuto at pagsandig sa pakikibaka ng mga Lumad sa kanilang lupang ninuno. Ang parehong lupa ay nakapagsisilbi rin sa interes ng ibang komunidad na naninirahan dito tulad ng Ilonggo, Bisaya, at Moro. Sa espasyong ibinibigay ng Bakwit School, magkasamang gumigiit ng karapatan sa lupa at edukasyon ang mga mag-aaral na Lumad at di-Lumad na parehong nakinabanang sa lupain at paaralan ng mga Lumad.

Sa kanilang pagsasapraktika ng pagkilos at pagpapakilos naghuhugpong ang iba't ibang sektor ng lipunan upang makiisa sa pagpupunyagi para sa edukasyon, lupa, at buhay. Patuloy na gumagampan ng malaking papel ang mga institusyon, organisasyon, at tagapagsulong ng karapatang pantao sa pagpapatuloy ng operasyon ng Bakwit School sa kabila ng krusadang ipasara ang lahat ng paaralang Lumad. Pinatingkad ng maraming mapa-kuwento ang UPD at iba pang pook ng pakikibaka sa Kamaynilaan bilang pananda sa lokasyon ng Bakwit School. Ang santuwaryo sa pagkatuto na ginagarantiya ng kalayaang pang-akademiko sa pamantasan ang nagbigay ng pagkakataon sa tulad ni Chrissy para makapagtapos ng pag-aaral sa isang baitang:

> Dito sa UP marami kaming natagumpayan dahil dito rin ako nag-graduate no'ng Grade 10 ako, sa UPIS. Kasi ang UP, parang walang pinipili. Palagi siyang bukas. Gano'n, bukas siya mga kahit kanino, kahit sino.

Ipinopook niya ang kanilang tagumpay sa edukasyon sa pagsasanib-puwersa ng iba't ibang *stakeholder* tulad ng mga estudyante, guro, at kawani ng UPD upang maagapayan sila sa pag-aaral. Malinaw na makikita sa mapa kung paano ipinopook

ni Chrissy ang pakikibaka at pag-aaral: hindi hadlang una sa ikalawa sapagkat nilalayon ng kanilang pagkilos ang makapagpatuloy sila ng pag-aaral (Pigura 5).




PIG. 5. *Nasa parehong espasyo sa mapa ang mga pananda ng pag-aaral (hal., "notebook") at pakikibaka (hal., "rally") na nagpapatunay sa kanilang pagkakaugnay sa espasyo ng Bakwit School.*

Kinakatuwiran naman ni Bogs na nararapat lang na makiisa ang ibang sektor ng lipunan sa pakikibaka para sa lupa sapagkat ang lupaing ipinaglalaban ng kabataang Lumad ay lupa ng lahat: "'yong lupa ay búhay, búhay namin, búhay nating lahat 'yong nakasalalay dito. Kaya ito. Iisa lang 'yong Pantaron Range at 'yong Bakwit School." Dalawang paghuhugpong ang iginigiit ni Bogs sa paliwanag niya. Una, "iisa lang" para sa kaniya ang yutang kabilin at Bakwit School; at ikalawa, ang buhay raw ng tao ay pare-parehong nakasalalay sa lupaing dapat ipaglaban. Maaari itong maunawaan bilang sabay na pagpapatining sa karapatan ng mga Lumad na pagmay-arian ang kanilang lupain at sa panawagan na


makilahok ang iba't ibang sektor ng lipunan sa pagkampeon nito sa ngalan hindi lámang ng mga katutubo kundi pati ng kalikasang nagbibigay-búhay. Matutunghayan ang parehong pagpapalagay sa kaniyang mapa kung saan tila mahigpit na binigkis ang iba't ibang elemento tulad ng sakahan, paaralan, at UPD sa isang sentro: ang magkakapit na mga kamay (Pigura 6). Pinagtatagpo ng magkahawak na kamay ang iskulturang *Oblation* (pananda ng UPD sa mapa) at ang pares ng tsinelas na ayon kay Bogs ay suot-suot ng mga Lumad sa kanilang paglalakbay.




PIG. 6. *Ipinahihiwatig ng magkawak na kamay na nakasalikop sa pananda ng UPD ang pagkakaisang nasaksihan ni Bogs*

Pagpapatuloy ni Bogs, “tinanggap kami nang buong-buo dahil iisa lang ang pinaglalaban natin. Tayo. Kasi, hindi lang naman kami ang nawalan, kundi lahat ng tao na inapi ay nawalan ng búhay, ng karapatan, at sumigaw sa lansangan para ipaabot ang kanilang hinaing.”

Maaaninag naman ang pananda ng kilos-protesta sa mga mapa-kuwento nina Jade at Rey. Pareho nilang inilalarawan ang hapis at banta ng karahasan sa mga bahagi ng mapang kumakatawan sa mayamang lupang ninuno. Sa bandang Kamaynilaan naman kung nasaan ang Bakwit School, ipinapakita ni Jade (Pigura 7) ang imahen ng protesta sa Bulwagang Quezon ng UPD at ni Rey (Pigura 8) ang pagkilos na may tarpuling “Save Our School.” Kuwento nga ni Jade, “dito kami magrarally. Mas ano po, panatag ‘yong loob ko kung may makikita akong tao na marami silang lumaban para sa ating lipunan, gano’n.” Nagbibigay-ginhawa ang Bulwagang Quezon kay Jade sapagkat malaya silang nakakapagpahayag dito.



PIG. 7. *Ang raling tumatak kay Jade sa Bulwagang Quezon ng UPD*




PIG. 8. *Mayroong pananda ng protesta sa tabi ng "UP" sa paglalarawan ni Rey.*

Kung ano't anuman, naipapakita ng mga mapa-kuwentista ang partisipasyon ng iba pang sektor ng lipunan sa kanilang pakikibaka para makabalik at mabawi ang yutang kabilin mula sa militarisasyon at pandarambong. Una, mayroong nakakahanap ng alwan sa tulong at presensya ng ibang tagapagsuporta. Ikalawa, humuhugot din sila rito ng lakas na patuloy na magbalikwas sa kabila ng mga banta sa seguridad. Kunsagayon, masasabing isinisiwalat ng mga mapa-kuwento ang kalinangan ng Bakwit School. Sa espasyong ito, nabigyan ang mga mag-aaral ng mga paaralang Lumad ng pagkakataong makapagpatuloy ng pag-aaral. Gayunman, hindi ito naging sagabal sa pagsasagawa ng mga pagkilos-protesta sa Kamaynilaan na pumupuna sa militarisasyon ng mga komunidad sa yutang kabilin na dahilan ng pagtigil ng kanilang pag-aaral.

Ipinapalagay ng talakayang ito na binabago ng pagsasabuhay at pagtatanggol ng yutang kabilin ang paghuhugpungan ng mga mag-aaral sa iba't ibang antas mula sa pagkakakilanlang Lumad hanggang sa pakikiisa at pakikibaka para sa lupa

sa pagitan ng iba't ibang sektor, partikular na ang namamalagi sa UPD kung saan nagtagal ang Bakwit School. Hindi ibig palitawin ng pagsusuring ito na modelo ng mapagpalayang heograpiya ang UPD. Tunay na tumatak ito sa isipan ng mga mag-aaral na bakwit dahil dito sila nanatili nang pinakamatagal sa Kamaynilaan. Bumuhos din ang suportang lohistikal, pinansyal, o politikal mula sa mga indibidwal at organisasyong kaanib ng UPD. Gayunman, posible lamang ang mga ugnayang ito sa UPD at iba pang santwaryo dahil sa Bakwit School. Binibigyan nito ng kondisyon ang pagtayô ng iba't ibang sabjek sa UPD.

Sa gayon, masasabing ang Bakwit School mismo ang kumakatawan sa mga prinsipyong tampok ng naturang heograpiya. Hindi lamang binibigkis ang mga Lumad na mag-aaral sa Bakwit School ng kanilang etnikong pagka-tayo na batay sa wika, kalinangan, sikolohiya, lahi, at angkan. Bagkus, biubuklod silang kabataang Lumad, ang mga mag-aaral mula sa ibang pangkat, at iba pang sektor ng lipunan ng sinasabi ni Dabashi (2012) na kolektibong pagtuligsa sa pananamantala, pagpapatahimik, at pagsasantabi (p. 61). Pinopook ng mga mag-aaral ng Bakwit School, Lumad man o hindi, ang kanilang sarili bilang mga saksi sa karahasang idinudulot ng pangangamkam ng lupa at pandarambong ng likas na yaman. Nakaangkla ang (politikal) na identidad sa komong karanasan ng at pagtuligsa sa pandarambong sa kanilang mga komunidad at pangngamkam ng lupa. Sa gayon, batay sa mga mapa-kuwento, ang artikulasyon ng Bakwit School sa "Lumad" bilang hugpungan ng nagkakaisang mga tinig at danas ay pagpoposisyon sa paaralan bilang himpilan ng politikal na paninindigan at pakikibaka.

## Tungo sa mapagpalayang heograpiya

Upang maimapa ang ugnayan ng Bakwit School at yutang kabilin, ginamit ng pananaliksik na ito ang mapa-kuwento bilang foklorikong teksto na maaaring

"[mag]silbing daluyan at lunsaran ng pagpapakahulugan sa kaalaman, kamalayan, at kayariang maka-Pilipino (Quintos, 2020, p. 21). Ang nangingibabaw sa mga metodong lahukan at may katangiang biswal tulad ng mapa-kuwento ay ang pang-araw-araw, kinakatawan, at emosyonal na dimensiyon ng buhay (Alburo-Cañete, 2021). Sa pamamagitan ng pagsasalinang-bisa ng (kontra-)pagmamapa at pagkukuwento, ipinalitaw ng mga likha ng mag-aaral ang kanilang karanasan sa mga espasyong nilakbay, tinahanan nang panandali, at ipinaglalaban. Tumatayong gabay ng berbal na dimensiyon ng mapa-kuwento ang biswal na antas. Kungsagayon, maituturing na parehong minamapa ng larawan at salaysay ang heograpiyang dinadanas at nililikha ng sabjek.

Tinalakay ng papel na ito sa tulong nina Chrissy, Bogs, Jade, at Rey ang iba't ibang antas ng pagsasama-sama at paghuhugpungan kung saan mababatid ang paglawak ng artikulasyon ng "Lumad" mula sa pagkakabigkis batay sa tribu tungo sa pagkakabuklod sa pakikibaka. Tila naisusuma ni Bogs ang pagbabagong ito sa pagsasabing

> dahil sa Bakwit School ay isa sa mga pinag-aralan namin kung paano depensahan namin itong aming lupang ninuno, dahil nga ayaw naming mawasak 'yong Pantaron Range, ayaw naming makuha ito ng isang kapitalista dahil nakasalalay ang aming búhay dito. Dahil 'yong lupa ay búhay, buhay namin, búhay nating lahat 'yong nakasalalay dito. Kaya ito. Iisa lang 'yong Pantaron Range at 'yong Bakwit School.

Paliwanag ni Bogs na nag-aaral sila sa Bakwit School upang matutunan kung paano ipagtatanggol ang kanilang lupang ninuno mula sa pandarambong. Ipinapalagay niya ang importansya ng pakikilahok ng iba pang tao sa paglaban para sa lupa dahil ito ay "buhay," "buhay" ng Lumad, at "buhay nating lahat."

Matutunghayan dito ang pangingibabaw ng pakikibakang Lumad bilang batayan ng heograpiya ng Bakwit School.

Batay sa mga mapa-kuwento mula sa Bakwit School, binabanyuhay ng pakikibaka para sa karapatang manatili at mamuhay sa isang pook ang pagkakabigkis ng isang pangkat batay sa etnisidad, lahi, o kalinangan tungo sa pagkakabuklod batay sa politikal na paninindigan. Kung nakaangkla ang pagka-tayo ng isang pangkat sa pook na nagbibigay-kondisyon sa pag-iral ng pamayanan, at kung nagbabalikwas ang iba't ibang kilusang panlipunan para sa mga pook na inaagaw ng namamayaning kapangyarihan, lumalawak ang konsepto ng "tayo" mula sa lahi, kalinangan, wika, at gunita upang saklawin ang magkakasalikop na interes, hangarin, at pangarap ng iba't ibang pangkat at sektor. Ipinagdidikit ni Nelmida-Flores (2020) ang yaong mga palagay sa pagsasabing ang etnokultural na identidad at ugnayan sa pook ay tumutukoy sa "pakikipagsapalarang politikal ng isang grupo o kalipunan ng tao laban sa estado dahil sa paggiit ng kanilang karapatan, aspirasyon at pamumuhay" (p. 14). Upang mapanatili ang mga materyal na praktika sa ekonomiya, politika, at kultura na nagpapairal sa buhay, kinakailangang protektahan ang mga pook tulad lupang ninuno. Nagagawa ito sa pagpapatibay sa hanay ng kanilang etnos at paghuhugpungan kasama ng iba't ibang *stakeholder* sa labas nito sa pamamagitan ng paglikha ng mga organisasyon at alyansa na yumayakap sa samut-saring sektor ng lipunan. Na tila inaalingawngaw ang palagay ni Guillermo (2009) hinggil sa pook ng paninindigan, iginigiit ng Bakwit School na ang rebolusyonaryong pagbabagong panlipunan ay magmumula sa interaksyon at pagsasalinang-bisa.

Hindi lamang minamapa ng mga mag-aaral ng Bakwit School ang potensyal na alternatibo sa namamayaning moda ng pandaigdigang produksyon; isinasapraktika na mismo nila ang naturang alternatibo sa pamamagitan ng pag-aaral sa kabila ng mga atake sa paaralan, paglalakbay sa kabila ng militarisasyon sa

kanayunan, at pagmomobilisa sa kabila ng pagpapatahimik sa kanila. Mula rito umuusbong ang mga pook na matagal nang tinatabunan ng namamayaning puwersa, ang isang mapagpalayang heograpiya na nagbibigay-espasyo sa partisipasyon ng nakararami sa pagsusulong ng karapatan sa lupa at edukasyon. Inookupa ng Bakwit School ang samut-saring pook upang paigtingin ang demokratikong pakikilahok ng mga Lumad, kabataan, at iba pang sektor sa pagbawi ng espasyo.

## MGA SANGGUNIAN

Alamon, A. (2017). *Wars of Extinction: Discrimination and the Lumd Struggle in Mindanao*. Rural Missionaries of the Philippines Northern Mindanao Sub-Region (RMP-NMR), Inc.

Alburo-Cañete, K. Z. (2021). PhotoKwento: co-constructing women's narratives of disaster recovery. *Disasters*, 45(4), 887-912.

Awitan, W. (2009). *Pintang Bata: Pag-oorganisa at Pakikilahok: Mga Batang Pintor sa Baliwag, Bulacan*. Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Belisario, P. (2019). Lumad Schools: A Struggle for Land and Learning. Sa J. del Rosario-Malonzo (Pat.), *Repression and Impunity: Continuing Attacks on People's Rights in the Philippines* (mp. 71-80). IBON International.

Calsado, C. (2020). Decolonizing STEM curriculum: Citizen science and the Lumad STEM curriculum. *Science for the People*, 23(1). https://magazine.scienceforthepeople.org/vol23-1/decolonizing-stem-curriculum-citizen-science-and-the-lumad-stem-curriculum/.

Dabashi, H. (2012). The Arab Spring: The End of Postcolonialism. *Zed Books*.

De Guzman, M. T., Y. P. Lopez, & A. A. C. Ortega. (2022). Geonarratives of human rights defenders (HRDs) in Negros Island, Philippines. *Banwaan: The Philippine Journal of Folklore*, 2(1), 1-24.

Educators' Development Institute [EDI]. (2018). Notes on the Lumad Schools' Curriculum. Presentasyon.

Espiritu, B. (2017). The Lumad Struggle for Social and Environmental Justice: Alternative Media in a Socio-Environmental Movement in the Philippines. *Journal of Alternatve and Community Media*, 2(1), 45-59.

Gaspar, K. (2000). *The Lumad's Struggle in the Face of Globalization*. Alternate Forum for Research in Mindanao, Inc.

Gerlach, J. (2010). Vernacular mapping, and the ethics of what comes next. *Cartographica*, 45(3), 165-168.

Guillermo, R. (2009). *Pook at Paninindigan: Kritika ng Pantayong Pananaw*. Univerity of the Philippines Press.

Hernandez, J. F. (2021). Building Banwaan. *Banwaan: The Philippine Journal of Folklore*, 1(1), vii-x.

Imbong, J. D. (2020). "Bungkalan" and the Manobo-Pulangihon tribe's resistance to corporate land-grab in Bukidnon, Mindanao. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*, 17(1), 1-9. https://doi.org/10.1177/1177180120967724.

Lefebvre, H. (1991). *The Production of Space*. Blackwell.

National Museum of the Philippines [NMP]. (2020). *Lumad Mindanao*. Pambansang Museo ng Pilipinas.

Nelmida-Flores, M. (2020). *Pangasinan: Isang Etnokultural na Pagmamapa*. Sentro ng Wikang Filipino – Unibersidad ng Pilipinas Diliman.

Nolasco, M. & T. La Viña. (2021, Hunyo 5). 'Lumad' schools and the right to education. *Philippine Daily Inquirer*. https://opinion.inquirer.net/140876/lumad-schools-and-the-right-to-education.

Ortega, A. A. (2016). *Neoliberalizing Spaces in the Philippines: Suburbanization, Transnational Migration, and Dispossession*. Lexington Books.

Palis, J. (2022). Geonarratives and countermapped storytelling. Sa K. Sims, N. Banks, S. Engel, P. Hodge, J. Makawira, N. Nakamura, J. Rigg, A. Salamanca, at P. Yeophantong (Pat.), *Handbook of Global Development* (mp.700-712). Routledge.

Paredes, O. (2013). *A Mountain of Difference: The Lumad in Early Colonial Mindanao.* Cornell Southeast Asia Program Publications.

Quintos, Jay Jomar F. (2020). Sa pagutan ng kultura at kalikasan: Isang pagsisiyasat sa talinghaga ng "engkanto" sa mga pelikula ng Shake, Rattle, and Roll." *Social Science Diliman*, 16(2), 1-28.

Rodil, R. (2017). *Kasaysayan ng mga Pamayanan ng Mindanao at Arkipelago ng Sulu, 1596-1898*. Komisyon sa Wikang Filipino.

Rodriguez-Tatel, M. J. (2017). "Araling Etniko sa Wikang Filipino: Pagpapaibayo ng Pilipinolohiiya/Araling Pilipino." *Saliksik E-Journal*, 6(1), 1-38.

Prazniak, R. & A. Dirlik. (2001). *Places and Politics in an Age of Globalization*. Rowman and Littlefield, Inc.
Save Our Schools Network [SOS]. (2019). *Intensifying the People's Struggle amidst State Fascism*. Polyeto.
Save Our Schools Network. (2021). *The State of Lumad Schools in Mindanao*. Polyeto.
Soja, E. W. (1989). *Postmodern Geographies: The Reassertion of Space in Critical Social Theory*. Verso.
Smith, L. T. (1999). Decolonizing Methodologies: Research and Indigenous Peoples. *Zed Books*.
Sy, J. M. (2022). Till the land, defend the land: reflections on the critical place-based pedagogy of the Alternative Learning Center for Agricultural and Livelihood Development, Surigao del Sur. *AlterNative: An International Journal of Indigenous Peoples*. OnlineFirst. https://doi.org/10.1177/117718012211159.
Tolia-Kelly, D. (2007). Participatory Art: Capturing Spatial Vocabularies in a Collaborative Visual Methodology with Melanie Carvalho and South Asian Women in London, UK. Sa S. Kindon, R. Pain at M. Kesby (Pat.), *Participatory Action Research Approaches and Methods: Connecting People, Participation and Place* (mp. 132-140). Routledge.
Turgo, N. N. (2014). Kumbatihan ng Lunan: Talabtaban ng Pag-iral sa Calvario ng Mauban. Daluyan: *Journal ng Wikang Filipino*, 20(1), 11-40.
Umil, A. M. (2017, Setyembre 18). Alliance for Lumad schools holds first national confab. *Bulatlat.com*. https://www.bulatlat.com/2017/09/18/alliance-lumad-schools-holds-first-national-confab/.
Wang, C. & M. Burris. (1997). Photovoice: concept, methodology, and use for participatory needs assessment. *Health Education and Behavior*, 24(3), 369–87.
Yambao, C. M. K., S. Wright, N. Theriault, & R. C. A. Castillo. (2022). "I am the land and I am their witness": Placemaking amid displacement among Lumads in the Philippines. *Critical Asian Studies*, 54(2), 259-281, https://doi.org/10.1080/14672715.2022.2059771.

*This page intentionally left blank.*